# Pagbati sa pagkahirang bilang apostolikong tagapamahala

Sa lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama,

Nais kong batiin kayong lahat sa okasyon ng Pagpapaakyat sa Langit ng Birhen Maria.

Nalaman na ninyo na sa pagbibitiw ni Obispo Marcellino Daiji Tani, ang Santo Papa ay naghirang sa akin bilang apostolikong tagapamahala sede vacante ng Diyosesis ng Saitama (mula Hulyo 27, 2013).

Dahil ako ay sa kasalukuyang mayroong hinahawakan na ibang katungkulan sa Artsidiyosesis ng Tokyo, maaring hindi ko magagampanan ang lahat ng inaasahan, subalit, ako ay humihingi ng espesyal na mga panalangin, ang inyong pang-unawa at inyong suporta sa aking kapakumbabaang pagtanggap sa tungkuling ito.

Noong Agusto 8, Pag-alala kay Santo Dominggo, ginawa ko ang unang pagdalo sa Opisina ng Chancery ng Diyosesis ng Saitama at nagdiwang ng Misa sa Katedral. (Ang homiliya ay maaring basahin sa Diocesan website.)

Alagaan ninyo ang inyong mga sarili dahil matindi pa rin ang init ng panahon.

Nananalangin na ipamagitan tayo ng Mahal na Birhen,

Agusto 15, 2013
Solemnidad ng Pagpapaakyat sa langit ng Birhen Maria

Pedro Takeo Okada (Arsobispo ng Tokyo)
Apostolikong tagapamahala ng Diyosesis ng Saitama